


*Maaaring itanong kung sa kanilang palagay, ang lamok ay namimili ng kakagatin: bata, matanda, babae, lalaki, mayaman, mahirap, magsasaka, mangingisda, doktor, atbp.*


*Bigyang-diin na:*

Walang pinipili ang lamok. Lahat ay kakagatin nito. Kaya't kapag maraming tao ang may Filariasis sa isang lugar, malaki ang posibilidad na magkaroon rin ng Filariasis ang ibang mga residente.

# Sino ang maaaring magkaroon ng Filariasis?

## Lahat ng tao na nakatira sa lugar na laganap ang Filariasis






Para sa mga taong may sakit na Filariasis na nakararanas ng mga kumplikasyon, importanteng malaman ang tamang pag-aalaga sa mga lumaking mga parte ng kanilang katawan.

Dapat ay linisin ang mga bahaging ito upang maiwasan ang panibagong impeksyon gaya ng sugat o nana.


Kung may sugat ang bahaging ito, pahiran ng antibiotic ointment.

Dapat ay sundin ang tamang "posture" o posisyon ng katawan. Itaas ang paa kapag natutulog, at hangga't maaari, kapag nagtatrabaho.

Mag-ehersisyo nang malumanay.

# Ano ang tamang pag-aalaga sa mga taong may sakit na Filariasis?





Obserbahan at laging linisin ang lumalaking parte ng katawan